# PhilHealth, lumahok sa LAB for ALL sa Bataan



August 8, 2023 – Patuloy ang paglibot ng *"LAB for ALL"* (Laboratoryo, Konsulta, at Gamot para sa Lahat) ni Unang Ginang Liza Araneta-Marcos para ilapit ang primary care services sa mga Filipino sa iba't-ibang lugar sa bansa. Huli itong nagpunta sa Balanga City, Bataan.

Bukod sa mga payong-pangkalusugan para matulungang makaiwas sa pagkakasakit o maagapan ang mga ito, kasama rin sa mga serbisyong ipinagkaloob ang check-up sa mga buntis. Dito namin nakilala si Khey Sales, 25 taong gulang at nasa ika-pitong buwan ng kaniyang pagbubuntis. Dahil sa *"LAB for ALL"*, nagabayan siya upang mapanatili ang magandang kalusugan nila ni baby at masigurong maayos ang kaniyang nalalapit na panganganak.



Sabi ni Khey, *"Maraming salamat, PhilHealth. Ngayon, may kakayahan na kaming pangalagaan ang aming kalusugan sa pamamagitan ng Konsulta. Malaking tulong ito para makaiwas sa sakit dahil magkaroon na kami ng regular check-up sa duktor."* Ang PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama, o Konsulta, ang pinalawig na primary care benefit package ng PhilHealth.

Sulit ang halos isang oras niyang biyahe mula sa Barangay Cabog-Cabog, Balanga City dahil nakapagpakonsulta siya sa OB-GYNE para sa wastong pangangalaga sa kaniyang pagbubuntis.

*"Salamat sa programang ito ng Unang Ginang [Liza Araneta-Marcos] na nakatutulong hindi lang sa kalusugan ng mga buntis na gaya ko, kundi pati na sa mga kababayan ko."*

Tumuloy na rin siya sa pagpapaparehistro sa PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama, o Konsulta, para makagamit ng mga benepisyo at serbisyo, at makakuha ng mga piling gamot, para sa kaniya at sa kaniyang pamilya.

Dinaluhan ni PhilHealth President at Chief Executive Officer Emmanuel R. Ledesma, Jr. ang pasada sa Bataan ng *"LAB for ALL"* at hinikayat ang lahat para magparehistro sa Konsulta at gamitin ang mga benepisyo gaya ng health screening at assessment, laboratory at diagnostic exams tulad ng complete blood count, chest X-ray, fasting blood sugar, at iba pa. Maging mga gamot para sa mga piling kundisyon tulad ng diabetes, hypertension, hika, at marami pang iba ay makukuha nang libre sa Konsulta. **END**